


## Plantsa

Gamitin ang plantsa sa tamang temperatura. Huwag plantsahin lahat. Hindi na kailangan pang plantsahin ang mga tuwalya, pang-ilalim at mga hindi gusuting kamiseta, at iba pa.

## Dryer

Pigain hangga't kaya ang tubig ng inyong mga damit bago mag-dryer. Hintayin para mapuno at huwag sosobrahan ang pag-dryer.





## Telebisyon

Patayin ang TV kung walang nanonood. Huwag itong gamitin para may mapakinggang musika sa paligid.




## Ilaw

Kung nasa bahay kayo, patayin ang ilaw sa silid kung walang gumagamit. Gumamit ng konting dami lamang ng ilaw ayon sa kailangan. Huwag gagamit ng mga ilaw na may wattage na mas mataas pa kaysa sa kailangan – gumamit ng mga bombilyang may mas mababang lakas.

## Washing Machine

Ma-aksayang gumamit ng washing machine kung hindi rin lamang ito puno. Gumamit nang mas mababang temperatura, o nang mas maiksing oras ng paglalaba.



Makakasanayan na ninyo ang mga hakbang sa itaas, at sa magagandang makakasanayan, makikinabang ang inyong bulsa at pati na rin ang inyong kapaligiran.

HEC (Tagalog) Printed on Recycled Paper 2009/08/1000

港燈
HK Electric

# Matipid na paggamit ng kuryente sa tahanan




Ang mga kasangkapang-de-kuryente sa tahanan ay mahalaga sa mga tahanan ngayon dahil sa ang mga ito'y nakakapagpadali ng gawain at epektibong gamitin. Bagama't ikinalulugod nating gamitin ang mga ito, kailangang isa-isip natin ang kahalagahan ng wastong paggamit ng kuryente.

Ang makatuwirang paggamit ng inyong mga kasangkapang-de-kuryente nang hindi nag-aaksaya ng kuryente ay makakatulong, hindi lamang para makatipid kayo ng perang inyong palaging ibabayad, kun'di pati na rin sa konserbasyon ng ating kapaligiran.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga simpleng tip kung paanong maiiwasan ang mag-aksaya ng kuryente:

## Pampainit ng Tubig

Suriin ang termostat at pahinain ito sa tag-init. Gumamit ng tabo sa halip na shower. Ang totoo niyan ay 2/3 ng gastos ang matitipid ninyo.




## Painitan ng Tubig

Magpakulo lamang ng kailangang dami ng tubig. Sisipol ang kettle kapag kumukulo na ang tubig, at makakatipid kayo sa fuel. Ang mga kettle na awtomatikong namamatay nang kusa ay mas maganda.




## Air-con

Huwag ilalagay ang termostat ng inyong aircon sa pinakamalamig. Tandaan na isara ang inyong mga pintuan at bintana.



## Repridyereytor

Tiyakin na ang mga pintuan ay selyadong-selyado. Iwasan ang buksan ito nang buksan kung hindi naman kailangan. Huwag ilalagay sa mas malamig pa kaysa sa inyong kailangan. Ma-aksaya sa kuryente ang masyadong maraming yelo - palaging mag-defrost ng inyong repridyereytor.





## Lutuang De-Kuryente

Panatilihing may takip ang inyong mga kaldero at huwag gagamit ng tubig na sobra pa sa kailangan.



## Floor Polisher at Vacuum Cleaner

Bawasan ang dami ng pagba-vacuum ng inyong carpet at pagpapakintab ng sahig.